

Protektahan ang inyong mga ibon laban sa trangkasong pang-ibon (bird flu)

Sa maraming taong nag-aalaga ng poltri at iba pang uri ng mga ibon, ang panganib sa mga banyagang (exotic) sakit tulad ng trangkasong pang-ibon (bird flu) na makarating dito sa ating bayan ay maliit, ngunit kailangang nanatiling nagmamasid sila sa mga tanda ng ganitong sakit.

Ang sakit ay naikakalat sa pamamagitan ng pagdikit ng hayop sa kapwa hayop, mga kagat at galos. Ang hangin, dumi ng ibon, damit, sapin sa paa, balat, uhog, tulugan, lalagyan ng pagkain at tubig, sasakyan, kagamitan, nahawahang karne at mga itlog ay maaaring magdala at magkalat ng sakit.

Ito ang mga simple at makabuluhang hakbang upang maprotektahan ang inyong mga ibon laban sa sakit.

Huwag hayaang marumihan ang tubig at pagkain

Maliit lamang ang panganib sa inyong mga ibon kung mapapanatili ang tubig at pagkain nito nang malayo sa mga ligaw na ibon at hayop. Itago ang mga pagkain sa isang lalagyan na nasasarhan at palaging linisin ang mga natatapon. Ang tubig na pinagkukunan ng mga ligaw na ibon ay isang malaking panganib. Palaging gumamit ng tubig pambayan o bukal at kung hindi ito makukuha lagyan muna ng klorin ang tubig.

Iwasan na sumama ang mga ligaw na ibon

Ang mga ligaw na ibon at pesteng hayop ay nagdadala ng ilang sakit. Huwag payagang makasama ng inyong mga ibon ang mga ligaw na ibon. Gumamit ng lambat o bakod upang mapigil ang mga ligaw na ibon, at alisin ang mga bagay na makakaganyak sa mga ito tulad ng pagkain, lanaw at pinagdadapuan. Huwag hayaang makapunta ang inyong mga ibon sa lanaw, ilog at sapa.

Panatiliing malinis ito

Regular na nililinis ang kulungan ng mga ibon at bakuran ng poltri, at disimpektahin ang mga gamit, lalagyan ng pagkain at tubig. Huwag makigamit ng mga kagamitan ng ibang nag-aalaga ng ibon, at palaging lubos na huhugasan ang inyong mga kamay, damit at sapin sa paa ng mainit na tubig at sabon bago o matapos na hawakan ang mga ibon.

Panatiliin ang kalinisan sa mga pagtatanghal

Kung kayo ay dadalo sa isang pagtatanghal ng mga ibon, huwag ninyong payagang makihalo ang inyong mga ibon sa ibang ibon, at palaging lubos na hugasan ang mga kamay sa pamamagitan ng sabon at mainit na tubig bago at matapos na hawakan ang ibang ibon. Iwasan ang pagbili ng mga ibon sa pamilihan o pagtatanghal. Sa pagbabalik sa bahay, ihiwalay ang mga nagtanghal na ibon nang sampung araw bago ito isamang muli sa inyong ibang alaga.

Itakda ang bilang ng mga bisita sa inyong mga ibon

Ang impeksiyon ay maaaring manggaling sa mga kamay, damit at sapin sa paa. Kung ang paghawak sa ibon ay kailangan, tiyakin lamang na lubos na naghugas ng kamay ang mga bisita gamit ang mainit na tubig at sabon bago at matapos hawakan ang mga ibon.

Ikuwarentena ang bagong mga ibon

Upang iwasan na mabigyan ng sakit ang inyong mga ibon, linisin, ihiwalay at subaybayan ang bagong mga ibon, ibon sa pagtatanghal o tupada nang 10 araw bago ito isama sa inyong inaalagaan na mga ibon. Palaging bumili sa pinagkakatiwalaang nagsusuplay ng ibon at iwasang bumili ng mga ibon sa mga palengke. Tiyakin na alam ninyo ang kalagayang pangkalusugan ng mga ibon na inyong binibili o inililipat

Alamin ang mga sintomas ng sakit

Palaging magmasid at regular na suriin ang inyong mga ibon. Kung ang **ilan** sa inyong mga ibon ay nagkasakit o namatay, iulat kaagad ito.

Kasama sa karaniwang tanda na dapat tingnan:

- * magulong balahibo
- * hindi makatayo o makalakad
- * kakaibang postura ng ulo at leeg
- * nanlulupaypay o nanlalambot
- * napipilitang kumilos, kumain o uminom
- * nahihirapang huminga
- * nagtatae
- * namamaga ang ulo, lambi o palong
- * bumagal ang pangingitlog
- * dagliang pagkamatay ng ilang ibon

Iulat ang may sakit o patay na mga ibon sa 1800 675 888

Kung ang ilan sa inyong mga ibon ay nagpapakita ng hindi pangkaraniwang sintomas ng sakit, abnormal na kilos o hindi inaasahang pagkamatay, iulat kaagad ito sa hotline na walang bayad ng Emerhensiya ng Sakit sa Hayop (Emergency Animal Disease) na **1800 675 888**. Bilang alternatibo, iulat ito sa inyong lokal na beterinaryo o lokal na kagawaran ng pangunahing mga industriya o pagsasaka.

Ang lahat ng uri ng ibon ay maaaring mahawahan kaagad ng trangkasong pang-ibon (bird flu) at ito ay nakita na sa mahigit na 140 uri ng ibon. Ang trangkasong pang-ibon ay isang sakit na naiuulat.

Para sa dagdag na impormasyon bisitahin ang www.daff.gov.au/birdflu